ANNEX "MM"

Republika ng Pilipinas)
Lungsod ng Makati) S.S.

SINUMPAANG SALAYSAY

Ako, **FRANKLIN L. ORFILLA**, Filipino, 24 taong gulang, naninirahan sa Barangay 771, San Andres Bukid, Manila, matapos na makapanumpa ng naaayon sa batas ay nagsasaad ng mga sumusunod:

1. Ako ay kasalukuyang isang pump attendant sa isang gasoline station.

2. Napag-alaman ko na ako ay isinali sa "drug watchlist" sa aming barangay – Barangay 771 sa San Andres Bukid, Maynila. Nalaman ko ito noong pinuntahan ako ng isang kagawad, si Kag. Bobby Cudal, noong bandang unang linggo ng Oktubre 2016.

3. May mga kasamang naka-unimpormeng pulis mula Block 1 sa Dagonoy si Kag. Cudal noong pinuntahan nila ako sa bahay. Nasaksihan ito ng aming mga kapitbahay.

4. Sinabihan ako nina Kag. Cudal at mga pulis na sumuko na sa Barangay dahil kasama daw ako sa drug watchlist.

5. Makalipas ang mga limang araw, pumunta ako sa sa Barangay Hall. Pinasulat ako ng pangalan ko at ibang impormasyon tungkol sa akin kasama ng mga iba pang umano na nasa watchlist. Kinuhanan din kami ng litrato. Naganap ito bandang 7:00 ng gabi.

6. Dahil dito, natakot na ako para sa buhay ko dahil sa mga panahong ito nagsimula na ang patayan sa San Andres Bukid.

7. Matapos ng pagpunta namin sa Barangay, dinala kami sa Manila Police District Station 6 para umano sumurender. Pero dahil wala ang hepe ng istasyon, pinauwi na kami. Matapos nito, hindi na natuloy ang plano na kami ay i-surrender sa pulis. Sa mga panahong ito, hindi klaro sa akin kung ano ang gagawin namin sa istasyon ng pulis. Hindi rin kami sinabihan ng mga taga-barangay kung ano ba talaga ang gagawin namin.

8. Dahil sa mga kaganapan na ito, napilitan akong umalis ng barangay namin dahil narinig ko mula sa ilang mga tao na "tinatrabaho" na daw ako. Natakot ako dahil ang sabi sa akin delikado na ako sa aming barangay – mainit na daw ako at papatayin na.

9. Dahil dito, hindi na ako makauwi sa aming bahay at hindi na ako makabalik ng maayos sa aming komunidad.

10. Palagi na rin akong natatakot sa kung ano man ang pwedeng gawin ng pulis sa amin, lalo na at tuloy-tuloy pa rin ang patayan na nagaganap sa aming komunidad.

11. Ako ay kasama sa naghain ng petitisyong ito at ang sinumpaang salaysay na ito ay aking ginawa para patunayan ang mga pangyayari na nabanggit dito.

BILANG PATUNAY, ako ay lumagda sa ibabaw ng aking pangalan ngayon ika-16 OCT 2017 ng Setyembre 2017.

Lagda

Pag Ibig MID No. 1211-4431-6373

SINUMPAAN AT PINATOTOHANAN sa harap ko ngayon ika 16 OCT 2017 ng _____, _____. Pinatutunayan ko na ang nagsalaysay ay aking nasiyasat at ako ay may sapat na paniniwala na siya ay kusa at malayang nagsalaysay.

JESSICA ANNE G. CO
Notary Public for Makati City
Until December 31, 2018
Appointment No. M-455
Roll No. 65444
IBP No. 014819 / Lifetime
PTR No. 5919754/ Jan. 11, 2017 – Makati
1904 Antel Corporate Centre, 121 Valero St.
Salcedo Village, Makati City

Doc. No. 76
Page No. 16
Book No. I
Series of 2017.